



Hunyo 7, 2019

Sa: Mga Sumusunod na Punong Guro ng Pampublikong
Paaralang Elementarya at Sekundarya

Bulakan
Calumpit North and South
Hagonoy East and West
Paombong
Pulilan

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Tanggapan ng Punong Lalawigan ay magdiriwang ng ika-121 Anibersaryo ng Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas. Ito ay gaganapin sa ika-12 ng Hunyo, 2019, Miyerkules, ganap na ika-8:00 ng umaga, sa Pook Pangkasaysayang Simbahan ng Barasoain, Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan.

Kaugnay nito, kayo ay inaatasang dumalo suot ang kasuotang Filipiniana, upang saksihan ang makasaysayan at dakilang araw na ito.

Para sa kabatiran at pagtalima ng lahat ng kinauukulan.

Lubos na sumasainyo,


ZENIA G. MOSTOLES, Ed. D., CESO V
Tagapamahala ng mga Paaralan

zed



ISO 9001:2015 CERTIFIED
Registration Number: DE-50500546 QM15





REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

6/6/19 JSS
fr

Mayo 29, 2019

DepEd-SDO of BULACAN
RECEIVED

DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V
Schools Division Superintendent
Kagawaran ng Edukasyon - Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

JUN 06 2019
2:58

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Pagbati!

Ang mabunying pag-iral ng isang bayan ay isang kaganapang itinakda ng kalayaan at kasarinlan. Ito rin ang pinakarurok ng dalisay na pagpupunyagi ng mga mamamayang daang taong inalipusta, inalipin at niyurakan ng mga banyagang mananakop. Ang landas patungo rito ay lubhang naging mahaba, masalimuot at mapanganib, subalit ito ay tinahak ng ating mga bayani at nararapat natin itong muling tahakin bilang pagkilala at paggunita sa kanilang mga sakripisyo at pagsusumikap. Dahil dito, ang ika-12 ng Hunyo ng bawat taon ay sumasagisag hindi lamang sa ating paglaya mula sa mga mananakop, bagkus ay hudyat din ng pagsilang ng isang republika na ang saligan ay demokrasya at soberenya ng mamamayan.

Kaugnay nito, magalang kayong inaanyayahang dumalo, kasama ang inyong **isandaang (100) district supervisors at principals**, sa ika-121 Anibersaryo ng Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas sa ika-12 ng Hunyo, 2019, ganap na ika-8:00 ng umaga, sa Pook Pangkasaysayang Simbahan ng Barasoain, Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, na pangungunahan ni **Igg. Gloria Macapagal Arroyo, Speaker of the House of Representatives**, bilang Panauhing Pandangal.

Lubos na umaasa ang inyong lingkod sa inyong mahalagang pagdalo sa paksang pagdiriwang.

Maraming salamat.

Lubos na gumagalang,

WILHELMINO M. SY-ALVARADO
Punong Lalawigan



2nd Floor, Capitol Bldg., Guinhawa, City of Malolos, Bulacan 3000
Telephone No. +63-44 7918148/49/50 Fax No. +63-44 7910853
Email Address: gops.pgbbulacan@gmail.com

"Lalawigan ko'y ikaw, Lingkod mo ako"

